# 1

1812, Maynila.

*"Buenos dias, Señor Ricardo,"* bati ng isang katulong makaraang makapasok ang binata sa loob ng bahay ng kanyang tiyuhin.

*"Buenos dias,"* wala sa loob na sagot ni Ricardo. Okupado ang utak niya sa mahalagang sadya niya sa tiyuhin na bunsong kapatid ng kanyang mama. "Si Tiyo Romano?"

"Nasa kuwarto po niya. Kanina pa ho kayo hinihintay."

Hindi nagtagal, narating niya ang silid ng Tiyo Romano niya at naabutan niya ang matanda na nakadungaw sa bintana. Umaliwalas ang mukha nito nang makita siyang pumasok sa loob ng kuwarto.

"Salamat at narito ka na, Ricardo. Tatlong gabi na akong hindi makatulog at lagi na ring balisa ang kalooban ko nitong mga nakaraang araw."

Matapos magmano sa tiyuhin ay umupo siya sa silya na malapit sa bintana. "Noong matanggap ko po ang liham na ipinadala n'yo sa personal ninyong

mensahero ay nag-alala rin ho ako, kaya wala na akong sinayang na oras. Ipinasya kong maglakbay no'ng araw ding 'yun para makarating dito. Alam ko po na may mahalaga kayong sadya na nais ipaabot sa akin."

Nagpatangu-tango ang matanda. "Tama ka, Ricardo. Kumusta ang paglalakbay ninyo ng alalay mo? Wala ka bang naging problema sa mga Katipunero? At ang mga sundalong Kastila, hindi ba sila naging sagabal sa inyong paglalakbay?"

"Sa awa ng Diyos, naging maayos naman po ang pagparito namin ni Arnulfo. Medyo naantala lang ang aming pagdating dahil inabot kami ng malakas na ulan. Hindi namin puwedeng isuong sa masamang panahon ang aming mga kabayo," paliwanag niya.

"Kinakabahan na nga ako nang hindi pa kayo dumating kahapon. Akala ko, may masamang nangyari sa inyo. Gagahulin na pati tayo sa oras kapag hindi tayo kumilos kaagad." May bakas ng matinding pag-aalala sa tono ng boses ng matanda.

"Ano po ang nais niyong ipahiwatig, Tiyo Romano?"

"Hijo, kaya kita pinapunta dito dahil nangyari

na ang kinatatakutan ko."

Hindi umimik si Ricardo, ngunit mababasa sa kanyang mga mata ang katanungan sa kung ano ang tinutumbok ng tiyuhin.

"Nagbalik si Manuel Martinez dito sa Maynila at malakas ang ugong ng balita na siya ang hihirangin ng hari ng España na kapalit kay dela Torre bilang bagong gobernador-heneral," pagtatapat nito.

Biglang napatayo si Ricardo. "Pero imposible! Bakit papalitan si dela Torre?"

"Maraming kapwa niya Kastila ang hindi nasisiyahan sa pagtupad niya ng tungkulin bilang gobernador-heneral. Masyado raw siyang mapang-aruga sa mga Pilipino at ito ang ipinagpuputok ng butse ng mga kalahi niya."

"Liberal ang pag-iisip ni dela Torre. Tama lang ang ginagawa niyang pamamalakad sa bansa."

"Ang problema, Ricardo, hindi lahat ay may kaparehong pananaw ng sa 'yo. Kung paniniwalaan natin ang mga naririnig kong balita, nakarating sa hari ng España ang disgusto ng mga Kastila kay dela Torre kaya raw pinabalik dito si Martinez. Hindi naman ito kumpirmado, pero malakas ang kutob ko na araw na lang ang hinihintay, ipapalabas na

rin ang totoo kung sino ang uupong gobernador-heneral sa Intramuros."

Nababahalang tumitig si Ricardo sa tiyuhin. "Malaki ang magiging epekto nito sa inyo, Tiyo Romano."

Tumango ang matanda at malungkot na tumanaw sa malayo. "Tama ka, Ricardo. Naging mahirap ang buhay naming mga Pilipinong pari noong si Martinez ang nakaupo. Tulad ng mga prayle, mahigpit siyang tumututol na payagan ng Simbahang Katoliko ang mga Pilipinong pari na humawak ng mataas na puwesto. Nakakalungkot isipin na maging sa ispirituwal na paniniwala ay masyadong mababa ang tingin ng mga Español sa ating mga Pilipino. Nakakaaninag na sana kami ng bagong pag-asa sa katauhan ni dela Torre. Pero ngayon na muling ibabalik si Martinez, palagay ko, hindi magkakaroon ng kapayapaan sa loob ng Simbahang Katoliko."

Sumang-ayon si Ricardo. "Marami nga ang nag-aklas na mga maralitang Pilipino sa mga alagad ng simbahan dahil marami sa kanila ang nawawalan ng kabuhayan. Maraming abusadong encomiendero na nagbibigay ng lupa sa simbahan bilang donasyon. Ang masaklap hindi nila pag-aari ang mga lupaing

ito. Kapag naibigay na sa simbahan, inaalisan na sila ng sinasaka at ang iba naman ay nakiusap na manatili ay pinagbabayad naman ng mataas na upa para lang hindi mapalayas sa sarili nilang lupa.”

“Tama ka diyan, Ricardo, kaya naman kabi-kabila ang himagsikan, wala na itong katapusan hangga’t nananatili ang mga dayuhang ito dito sa Pilipinas.”

Namagitan sa kanila ang sandaling katahimikan. Mayamaya si Ricardo ang pumukaw sa malalim na iniisip ng tiyuhin. “Ano po ang mahalaga ninyong sadya sa akin, Tiyo Romano? Ano ang magiging papel ko sa pinangangambahang pagkahirang muli kay Martinez?”

“Hihingi ako ng pabor sa ’yo, Ricardo.”

“Pabor? Linawin n’yo sa akin, Tiyo.”

“Gusto kong puntahan mo ang kumbento sa Calumpit, Bulacan. Kunin mo ang isang dalagang nagngangalang Alejandra.”

“Kunin? Alejandra?” kunot-noong ulit ng binata.

“Mahabang istorya, Ricardo. Nanganganib ngayon ang buhay ni Alejandra. Kawawang bata, madadamay siya, gayung wala siyang kasalanan.

Wala siyang kamuwang-muwang sa nangyayari sa kanyang kapaligiran." Nakita nga ni Ricardo ang pagkahahabag na bumakas sa mukha ng tiyuhin.

"Tiyo, hindi ko kayo maintindihan. Bakit ko kukunin sa kumbento ng mga madre ang Alejandra na 'yun?"

"Natatandaan mo ba ang dahilan kung bakit napatalsik noon si Martinez sa kanyang posisyon bilang gobernador-heneral?" Medyo hininaan ng pari ang tono ng boses na tila nag-iingat na baka mayroong makarinig.

"Nasangkot siya sa isang iskandalo, di ba? Hindi ko na po maalala ang ibang detalye," aniya.

"Nabuntis ni Martinez ang isang babaeng may asawa. Asawa ito ng isang Kastila ring tulad niya. Itinakwil ang babae ng kanyang mga magulang. Dahil walang gustong kumupkop sa kanya at wala na rin siyang puwang sa dating lipunan na kanyang kinagagalawan, doon siya nagtago sa bundok hanggang sa matagpuan siya ng mga Katipunero. Inaruga siya ng mga ito. Bilang ganti, nagbigay siya ng mahahalagang impormasyon tungkol kay Martinez. Malaking tulong ito para sa mga Katipunero, kaya bilang pagtanaw ng utang-na-loob sa kanya, ipinakupkop nila ang isinilang nitong

sanggol na babae sa mga madre. Tinupad nila ang huling kahilingan nito bago ito bawian ng buhay sanhi ng panganganak."

"I-ibig niyong sabihin, Tiyo, namatay 'yung babae at ang sanggol na ipinanganak niya ay iyong Alejandra na nais n'yong kunin ko doon sa kumbento?"

Tumango ito. "Ganoon nga, Ricardo."

"P-pero bakit?"

"Hijo, hindi mo ba nakikita ang banta sa buhay ni Alejandra ngayong nandito na ang kanyang ama? Maraming galit kay Martinez, at maaaring gawing kasangkapan si Alejandra ng mga kaaway ng kanyang ama."

"Pero, di ho ba't siya ang papalit kay dela Torre? Kung ayaw ng mga Kastila kay dela Torre, di ba, dapat nilang tanggapin ng buong puso ang pagbabalik ni Martinez?"

"Kung iyong natatandaan, Ricardo, dalawang gobernador-heneral ang sumunod na pumalit kay Martinez bago naupo sa puwesto si dela Torre. Sila ang mga mortal na kaaway ni Martinez. Pare-pareho silang nagpapakitang-gilas sa hari kaya kanya-kanya rin silang siraan. Ang pumalit sa kanya ang

siyang nagpaabot sa hari ng España ng nangyaring iskandalo sa kanya."

"Ngayon na maugong ang balita na papalitan si dela Torre, marami ang interesado sa iiwanan nitong puwesto at marami din ang hindi masisiyahan kung totoo ngang si Martinez ang napipisil na pumalit dito."

"Maaaring tama kayo, Tiyo. Ang tanong naman po ngayon, bakit hindi ninyo na lang hayaan ang Alejandra na 'yun sa kumbento? Bakit may simpatya pa kayo sa kanya gayung anak naman pala siya ni Martinez na ginawa ring kalbaryo ang buhay ninyong mga Pilipinong pari?" takang tanong ni Ricardo.

"Hijo, nakakalimutan mo bang isa akong alagad ng simbahan? Ang Diyos ang magpaparusa kay Martinez sa kanyang mga kasalanan. Kung ang mga prayle ang masusunod, itatakwil si Alejandra ng Simbahang Katoliko dahil sa kasalanan ng kanyang ina. Bastarda ang nakatatak sa pagkatao niya at alam mong ang mga bastarda ay kinukutya hindi lang sa lipunan kundi maging ng simbahan.

"Ito ang dahilan, hijo, kung bakit gusto ko siyang tulungan. Walang kasalanan si Alejandra; hindi niya ninais na maisilang siya at lalong wala siyang kapangyarihan na pumili ng magulang."

"P-pero, Tiyo, paano ko siya kukunin doon?"

"Gagawa ako ng sulat at ibibigay mo ito sa Madre Superiora. Pag nabasa niya ito ay maiintindihan niya na 'yun. Makakahinga nang maluwag ang mga madre kapag lumayo muna si Alejandra pansamantala. Nangangamba rin silang muling maungkat ang tungkol sa tunay na pagkatao ng kanyang ina."

"At sa akin ho, nakakasiguro kayo na siya ay ligtas?" kunot-noong tanong ng binata.

Tumango ang pari. "Kilala kita, Ricardo. Kung gugustuhin mo, kaya mong ipagtanggol ang kanyang buhay. Gamitin mo ang 'yong koneksyon para protektahan si Alejandra. Gusto kong manatili lang muna siya sa poder mo. Hindi naman siya magiging pabigat sa 'yo. Lumaki siya sa mga madre kaya isa siyang mabait na bata at susunod sa ipag-uutos mo sa kanya. Wala ka lang namang ibang gagawin kundi ang isama mo siya sa hacienda mo at hintayin ang susunod na mensaheng ipapadala ko sa 'yo."

"Pero Tiyo Romano—"

"Wala nang pero-pero! Hindi mo ba naiintindihan na mahalaga ang hinihingi kong pabor sa 'yo? Sinabi mo noon sa akin na kahit anong oras na kailangan ko ng tulong ay ipaalam ko lang sa 'yo at handa kang

tulungan ako. Ito na ngayon ang tulong na hinihingi ko, Ricardo. Huwag mo sana akong bibiguin. Kunin mo si Alejandra hangga't maaga pa. Tatlong araw nang narito si Martinez, hindi magtatagal kakalat na ang balita tungkol sa kanyang pagdating, kaya ngayon pa lang, ilayo mo na si Alejandra bago may makaalala sa kanya!"

"May iba pa bang nakakaalam tungkol sa pagkupkop ng mga madre sa kanya?"

"Malawak ang impluwensya ng mga iyon. May kakayahang malaman ang kahit ano."

Seryosong tumitig si Ricardo sa tiyuhin. "Bakit n'yo po ito ginagawa, Tiyo Romano? Ano ang koneksyon ninyo kay Alejandra?"

"Malalaman mo iyan isa sa mga araw na ito, Ricardo. Sa ngayon, sundin mo lang muna ang ipinagagawa ko sa 'yo."

# 2

"Ay, *Señor mio*!" bulalas ng isang madre nang makita si Alejandra na bumaba mula sa sinasakyan nitong kabayo.

Natigilan si Alejandra at nakita nga si Madre Rosario na nakaawang ang mga labi sa matinding pagkabigla. *"Buenas tardes, Madre Rosario."* Kaagad siyang nagbaba ng tingin at pilit ikinukubli ang ngiti sa labi. Alam niya kung bakit ganoon ang reaksyon nito—puro putik ang kanyang kasuotan!

"*Santo cielo*, nagpunta na naman doon sa kabilang ilog, ano?"

Napilitang tumango si Alejandra. Paano pa niya maitatanggi gayung balot na balot siya ng putik? "S-sandali lang naman po ako pumunta doon. Tinapos ko muna ang aking mga gawain dito sa kumbento," pagdadahilan pa niya.

"*Valgame Dios!* Hindi ka na natutong bata ka. Ilang beses ka na bang sinabihan na huwag kang pupunta doon? Hindi ka ba natatakot na makita ka ng mga sundalong Kastila na tumutugis sa mga Katipunero at mapagkamalan kang isa sa mga

kalaban nila? Mamamalayan mo na lang, ginawa ka nang bihag ng mga sundalo at itinapon ka sa bartolina!"

Tila sinundot ang konsyensya ni Alejandra. Lingid kasi sa kaalaman ng madre, mayroon siyang matalik na kaibigan na nakatira sa kabilang ilog na nagngangalang 'Doming' at anak ito ng isang Katipunero.

Kaya sa halip na sumagot ay pinili na lang niyang manahimik.

Napailing na muli siyang pinasadahan ng tingin ng madre mula ulo hanggang paa. Lihim din itong napangiti sa hitsura ni Alejandra. Puro putik ang suot nitong mahabang palda at ang puti nitong blusa na may mahabang manggas ay siguradong ilang araw na ikukula sa init ng araw bago matanggal ang mantsa!

"O siya, siya. Pumasok ka na sa loob, maligo muna at magpalit ng damit bago ka pumunta sa komedor. Bilisan mo, kapag nakita ka ni Madre Superiora, baka himatayin 'yun sa hitsura mo."

"Opo." Dali-dali na ngang tumalima si Alejandra. Nakahinga siya nang maluwag dahil hindi siya masyadong napagalitan ni Madre Rosario.

NOONG gabing iyon, hindi dalawin ng antok si Alejandra. Panay ang pagbaling-baling niya sa higaan niyang katre habang tinatanaw ang buwan mula sa bintana ng kanyang kuwarto. Bumalik sa kanyang alaala ang pinag-usapan nila ni Doming nang pasyalan niya ito kanina sa kubong tahanan ng kaibigan.

*"Bakit malungkot ka, Doming?" bungad niya nang madatnan itong nakaupo sa isang baitang ng hagdanan at kaagad niyang naaninag ang kalungkutan at pag-aalala nito sa mukha.*

*"Hindi pa bumabalik hanggang ngayon si Itay. Nangangamba kami ni Inay na baka may masama nang nangyari sa kanya. Baka nabihag na siya ng mga sundalong Kastila at naroon na sa kulungan at pinapahirapan." May namuo pang mga luha sa gilid ng mga mata ni Doming at napatiim-bagang habang pinipigil ang bugso ng emosyon.*

*Kaagad dinapuan ng awa si Alejandra. Nawala ang sigla niya at tulad ni Doming, napuno rin ng pangamba at pag-aalala ang kanyang dibdib. "H-huwag kang magsalita ng ganyan. Darating din ang itay mo, hindi siya nabihag ng mga sundalong Kastila," pagbibigay niya ng lakas ng loob dito.*

*Subalit wala iyong silbi sa nananangis nitong*

*puso. Puno ng hinanakit at paghihirap ng loob na tumingin ito sa kanya. "Di ba, sinabi mo noon sa akin na mayroong Diyos? Siya ang tumutulong sa mga mahihirap at inaapi, kinukutya at pinagmamalupitan?"*

*"T-tama ka, Doming."*

*Namalisbis ang luha nito sa pisngi at pagkuwan ay tumingin sa malayo. "Napatunayan ko ngayon na sinungaling ka. Hindi totoo ang sinasabi mo. Kung totoong merong Diyos, bakit Niya ako pinahihirapan nang ganito? Sakitin na nga si Inay, lalo pa iyong lumalala dahil sa pagsama ni Itay sa Katipunan. Hirap na kami sa kabuhayan, pero mas lalo pang pinalala nang magsimulang makipaglaban ang Itay, dahil napabayaan na niya ang paghanapbuhay. Kung mayr'ong Diyos, Alejandra, bingi Siya. Hindi Siya marunong makinig sa mga hinaing ng tumatawag at humihingi ng tulong Niya."*

*"H-huwag kang magsalita nang ganyan, Doming. Hindi natin hawak sa ating mga kamay ang ating kapalaran. Ang Diyos ang nagtatakda nito. Wala tayong karapatan na tanungin ang Diyos kung bakit ganito ang kalagayan natin. Nilikha lang Niya tayo at hiram lang natin sa Kanya ang ating buhay."*

*"Bakit hindi Siya ngayon naaawa sa aming*

*kalagayan? Nagdarasal naman ako sa Kanya, tulad ng itinuro mo sa akin.”*

*“Maawain siya, Doming. Pero tulad ng sinabi ko sa ’yo noon, dinadaan niya sa pagsubok ang pananampalataya mo sa Kanya. Kung hindi taos ang paniniwala mo sa Diyos, madali ka ngang mawalan ng pag-asa. Ang gawin mo, Doming, taimtim kang magdasal at hilingin mo sa Kanya na patnubayan nawa Niya ang iyong itay na nasa gitna ngayon ng laban.”*

*“Ayaw ko nang magdasal, Alejandra, pagod na ako…” nanlulumo nitong saad.*

*“Kung ganyan ka, Doming. Lalong hindi ka kalulugdan ng Diyos.”*

*Saglit itong hindi nakakibo. Mayamaya ay “Palagay ko, walang mangyayari sa akin kung puro dasal lang ang aking gagawin. Kailangan kong kumilos para sa ikapapanatag ng aking kalooban.”*

*“A-ano ang ibig mong sabihin?” nag-aalalang tanong ni Alejandra.*

*“Kailangan kong makasagap ng balita kung may nangyaring engkuwentro sa pagitan ng mga sundalong Kastila at mga Katipunero nitong mga nakaraang araw, para malaman ko kung ano ang kalagayan ni*

*Itay.”*

*“Saan ka makikibalita?”*

*“Balak kong magtungo sa kabisera. Ang dalawang kapatid ko na lang muna ang bahala kay Inay. Magtatanung-tanong ako doon kung ano ang huling balita. Hindi mapapanatag ang kalooban ka hangga’t hindi ko nalalaman ang kalagayan ng aking Itay.”*

*“P-pupunta ka sa kabisera? Kailan?” bulalas niya.*

*“Bukas ng madaling araw, aalis ako dito.”*

*“Maglalakad ka lang? Aabutin ka hanggang hapon niyan. Malayo din ang kabisera.”*

*“Sanay naman akong maglakad kahit malayo. Basta kailangan kong pumunta sa kabisera bukas. Naaawa rin ako kay Inay; lagi rin niya itinatanong kung kumusta na raw si Itay, kaya kailangan kong makahanap ng kasagutan.”*

*“Delikado ang binabalak mo, Doming,” kinakabahang aniya.*

*“Mas delikado pa ngayon ang kalagayan ni Itay.”*

*“B-bakit hindi ka na lang maghintay kahit hanggang tatlong araw?” suhestyon niya.*

*Umiling ang binatilyo. “Ngayon lang nawala si*

*Itay nang ganito katagal. Mas mahirap ang dinaranas ng tulad naming naghihintay. Kaya buo na ang loob ko, Alejandra, pupunta ako ng kabisera."*

*Sa pagitan ng sandaling katahimikan na namagitan sa kanila, isang desisyon ang nabuo niya. "Sasama ako sa 'yo."*

*Natigilan si Doming. "Alam mo ba ang sinasabi mo?"*

*"Oo, Doming. Mas madali mong mararating ang bayan pag magkasama tayo dahil sasakay tayo sa aking kabayo. Isa pa, kailangan mong may kasama para kung mapahamak ka, may tumulong man lang sa 'yo."*

*"Isa kang babae. Imbis na makatulong ka sa akin, magiging isa ka lang sagabal."*

*Nakipag-argumento si Alejandra. "Kung problema ang pagiging babae ko, magagawan ito ng paraan. Pahiramin mo ako ng kamiseta at pantalon. Ikukubli ko mahaba kong buhok sa isang sumbrero. Pag ganoon, sino pa ang mag-aakalang babae nga ako? Sasabihin lang ng mga nakakakita sa atin na pareho tayong binatilyo."*

*Saglit itong hindi nakaimik, wari ay pinag-iisipan ang kanyang sinabi. Pero mayamaya umiling din si*

*Doming. "Hindi pa rin puwede. Kahit sabihin nating magpapanggap kang lalaki, imposibleng payagan ka ng mga madre."*

*"Kaya kong gawan iyon ng paraan. Basta ang mahalaga, pumayag ka lang na sumama ako sa 'yo bukas," pamimilit pa ni Alejandra.*

*Hindi nagtagal sumang-ayon na rin si Doming sa pangungulit niya. "I-ikaw ang bahala, kung papayagan ka ng mga madre, puwede kang sumama sa akin sa kabisera."*

*Napangiti ang dalaga. "Hintayin mo ako bukas ng madaling araw, darating ako," pangako niya.*

Pagkatapos nilang kumain kanina ng mga madre, tinyempuhan niyang kausapin si Madre Remedios. Dito malapit ang dalaga kaya ito ang sinasabihan niya tungkol sa binabalak niyang pagsama kay Doming bukas ng madaling araw.

"Por Dios y por santo! *Napakadelikado ng binabalak mong gawin, Alejandra. Kababae mong tao, sasama ka sa isang lalaki na hindi mo naman kaanu-ano!" anito.*

*"Madre Remedios, matalik ko pong kaibigan si Doming at gusto ko po siyang tulungan. Baka may masamang mangyari sa kanya sa kabisera. Ni hindi*

*nga niya alam magsalita ng Español, maliban sa kaunting naituro ko sa kanya."*

*Humila ito ng isang upuan at iminuwestra ang katabing upuan kaya umupo na rin si Alejandra. "Sabihin mo nga sa akin, Alejandra, kung papaano kayo naging magkaibigan ni Doming? Ang pagkakaalam namin dito sa kumbento, kapag umaalis ka rito ay namamasyal ka lang sa kabilang ilog."*

*"'Yun nga po ang ginagawa ko, Madre Remedios. Pero ilang buwan na ho ang lumilipas, naging magkaibigan kami ni Doming nang tulungan niya ako noong mahulog ako mula sa aking kabayo. Nagkataon po na nandoon siya. Kaya siya po ang sumaklolo sa akin. Mabuti na lang pilay lang sa kanan kong kamay ang aking natamo at bago po ako n'on bumalik dito sa kumbento ay isinama niya ako sa munti nilang kubo sa di-kalayuan para ipahilot ako sa kanyang itay na marunong palang manghilot. Doon po nag-umpisa ang aming pagkakaibigan ni Doming."*

*"Ilang taon na ba siya?"*

*"Labing-lima po. Dalawang taon ang tanda ko sa kanya. Tuwing nagagawi na po ako doon sa kabilang ilog, madalas na kaming magkasama ni Doming sa pamamasyal."*

*“Ngunit nitong nakalipas na isang buwan, hindi na gan’on kasing-sigla dati si Doming.” Isinalaysay niya ang tungkol sa ama ng kaibigan na isang Katipunero at ang pangamba ng pamilya ni Doming para rito.*

*Naantig ang madre sa kanyang kuwento. “Kawawa naman pala siya. Iniwan sila ng kanilang ama at nalalagay pa ngayon sa peligro ang kanyang buhay.”*

*“Siguro po maiintindihan n’yo na rin ako sa hangarin kong makatulong sa aking kaibigan.”*

*Bahagyang ngumiti ang madre. “Sa sinabi mong ’yan sa akin, paano pa ako makakatanggi?”*

*“Maraming salamat po sa inyo,” nasisiyahang sagot ni Alejandra.*

*“Sisiguruhin mo lang na magiging maingat ka. Kailangang nandito ka na sa kumbento bago kumagat ang dilim bukas. Ako na lang ang bahalang magpaliwanag dito kung bakit mawawala ka bukas nang buong araw. At bago ka matulog ngayong gabi, ihanda mo ang mga pagkain na dadalhin mo sa pamilya ni Doming bukas.”*

*“Naku, malaking tulong na po ’yun sa kanila. Matutuwa po sila sigurado. Maraming salamat po*

*uli, Madre Remedios," natutuwang ani Alejandra.*

*"Walang anuman, hija. Sige, magpahinga ka na, ipagdarasal ko na sana, may magandang ibunga ang pagtungo n'yo ni Doming bukas sa kabisera."*

Muling bumaling sa pagkakahiga si Alejandra. May maganda nga kayang ibunga ang pagtungo nila ni Doming bukas sa kabisera? May masagap kaya silang balita? Sari-saring katanungan ang pumapasok sa kanyang isipan. Ganunpaman, natutuwa siya na makakasama siya kay Doming. Gusto niyang tulungan ito at hindi matatahimik ang kanyang kalooban kung hahayaan lang niya itong lumakad mag-isa bukas.

Hindi nagtagal ay dinalaw na siya ng antok. Napapikit na rin sa wakas si Alejandra. Ilang oras na lang ang itutulog niya ay magmamadaling araw na…

# 3

*“Hey! Cochero, ven a recoger estas aves y hazme el favor de llevarlas a casa,”* sigaw ng isang lalaking Kastila sa papalapit na caleza.

Nagtatakang nilingon ni Doming si Alejandra. Nasa likuran siya ng binatilyo dahil ito ang nagpapatakbo ng kabayo. Mabagal na ang kanilang takbo ngayong narating na nila sa wakas ang kabisera. “A-ano ang sinasabi ng mamang ’yun? Wala akong maintindihan maski isang salita.”

Tumawa si Alejandra. “Kitam, di may pakinabang ang pagsama ko sa ’yo dito.”

“Oo na, tama ka na. Sige, sabihin mo sa akin kung ano ang nais ipakahulugan no’ng mama kanina.”

“Sabi niya sa kutsero, ‘halika, kunin mo itong mga manok at dalhin mo sa bahay para sa akin.’ Di ba may mga manok doon sa may paanan n’ong Español?”

“Ang hirap naman pala ng salitang Español.” Napakamot pa ito sa ulo.

“Kaya nga delikado ang makisalamuha ka sa mga Kastila kung hindi mo alam ang kanilang salita. Mamamalayan mo na lang, ibinebenta ka na pala nila.”

Mayamaya, isang bata ang kanilang nadaanan, narinig nila ang sinabi nito sa kapwa-bata. *“Adios, hasta otra.”* Kumaway ito bago tuluyang umalis.

“’Yun. Ano’ng sinabi ng batang ’yun?” usisa uli ni Doming.

“Nagpapaalam siya sa kaibigan niya. Sabi niya, ‘Paalam, magkita uli tayo.’ Nakakatawa ka, Doming, pumunta ka dito para makasagap ng balita, paano mo magagawa iyon kung puro salitang Español ang maririnig mo dito?”

Natawa rin ito. “Mabuti na lang pala at nagpumilit kang sumama dito. Pero ikaw itong mas lalong nakakatawa. Tingnan mo ang hitsura mo—ang lapad ng sombrero mo. Nakasuot ka pa ng salawal at kamiseta ko, mukha ka na talagang lalaki,” panunukso pa ng kaibigan.

“’Oy, huwag mo akong pagtawanan. Inggit ka lang dahil lumalabas na mas guwapo ako sa ’yo ngayon!” pagbibiro ni Alejandra.

Hindi nagtagal, narating din nila ang isang

salon de refresco, at nakita nila ang ilang dayuhan na naroon sa loob. Masayang nagkukuwentuhan ang mga ito habang kumakain. Kaagad inihinto ni Doming ang sinasakyan nilang kabayo. “Dito lang muna tayo, Alejandra, baka may makuha tayong impormasyon dito. Nakikita mo ’yung nasa isang mesa? Nakasuot sila ng unipormeng pangmilitar. Baka may pinag-uusapan sila tungkol sa mga Katipunero.”

Nakita nga ni Alejandra ang tinutukoy ng kaibigan. Nauna na siyang bumaba mula sa kabayo. “Sige, Doming. Ako na lang ang pupunta doon, ikaw na ang bahalang magbantay dito sa ating kabayo.”

“Sasama ako  sa ’yo, Alejandra.”

“Doming, ako na lang ang lalakad mag-isa. Wala ka rin namang silbi kung Español ang salita nila. Hindi mo rin naman sila maiintindihan. Mas mabuti pang bantayan mo na lang si Diwata, baka nakawin pa siya, wala tayong sasakyan pabalik,” tukoy niya sa kanyang kabayo.

“S-sige,” napilitang pagsang-ayon ng kaibigan.

Makalipas ang ilang sandaling lihim na pakikinig sa kuwentuhan ng mga sundalong Kastila mula sa labas ng kainan, walang nakuhang mahalagang

impormasyon si Alejandra. Puro tungkol sa mga babae ang pinagkukuwentuhan ng mga tao roon.

Akmang babalik na si Alejandra sa pinag-iwanan niya kay Doming nang mahagip ng tingin niya ang dalawang lalaki na nakaupo sa isang mesa sa sulok.

Para siyang itinulos sa kinatatayuan nang mapagmasdan ang mukha ng isang lalaki na nakaupo paharap sa kanya—napakaguwapo nito! Hindi rin niya maintindihan ang sarili kung bakit para siyang biglang nabato-balani habang pinagmamasdan ang mukha nito. Hanggang balikat ang haba ng buhok ng lalaki, kayumanggi ang kulay ng balat at malaki ang pangangatawan. Spanish mestizo ito, sa hula ni Alejandra.

Pasimple siyang lumapit sa bintana na malapit sa kinaroroonan ng dalawa; gusto niyang mapagmasdan nang husto ang lalaking tumawag sa kanyang pansin. Narinig niyang nag-uusap ang mga ito.

"Sigurado na po kayo, Señor Ricardo, na malapit na tayo sa ating destinasyon?" usisa ng kasama nitong lalaki.

*Ricardo pala ang kanyang pangalan*, wala sa loob na bulong niya sa kanyang sarili. *Ricardo…*

*bagay na bagay sa kanya*, sa isip-isip pa ni Alejandra. Nakadagdag pa sa kaguwapuhan nito ang isang itim na salamin na tumatabon sa kaliwang mata na wari ay isa itong pirata.

“Malapit na nga tayo sa kumbento. Mayamaya na lang uli natin ipagpatuloy ang ating paglalakbay. Pagod pa ang ating mga kabayo.”

Kumbento? Tama kaya ang naulinigan niyang sinabi nito? Ano kaya ang maaaring maging sadya ng mga ito roon?

“Tama kaya itong ginagawa n’yo, Señor Ricardo? Malaking abala ito sa inyo; ang tuparin ang kagustuhan ng ’yong—”

“Shh… tama na, Arnulfo. Huwag na nating pag-usapan ang tungkol sa bagay na dapat kong tuparin. Gano’n ako pag nagbibitiw ng isang pangako.”

“P-pero delikado at mahirap po ang inyong gagawin. Paano kung ikapahamak mo ito?” nag-aalalang tanong pa ng lalaki.

“Huwag kang mag-alala, Arnulfo, malulutas din ito. Pipilitin kong malusutan ito kahit sa ano pa mang paraan.”

“Kaguluhan lang ang maidudulot niya sa inyong

hacienda," naiiling na anito.

"Hindi ko iyon pahihintulutang mangyari."

"Malakas pa rin ang kutob ko na babaguhin nito ang takbo ng buhay n'yo, sa ayaw at sa gusto ninyo."

Hindi nakaimik ang lalaking nagngangalang 'Ricardo'.

Mayamaya, biglang nagkagulo sa loob ng restaurant. Isang sundalo ang sumigaw. "Espiya! Espiya ng mga Katipunero! Hulihin ang espiya!"

Nagulat si Alejandra. Pero laking gimbal niya nang matanto niyang siya pala ang tinutukoy ng sundalo! Naging halata na siguro ang ginagawa niyang pakikinig sa nag-uusap na dalawang lalaki kanina kaya napagkamalan siyang espiya.

Nanindig ang mga balahibo niya sa matinding takot. Parang nanigas ang kanyang katawan at hindi na siya makagalaw kahit nakikita niyang papalapit na sa kanya ang mga sundalong Español na kanina ay masayang nagkukuwentuhan sa kanilang mesa kanina.

"Dakpin siya!" sigaw pa ng isang sundalo.

Nahawakan nga siya nito sa braso at kinaladkad papasok sa loob ng kainan.

*"¿Que pasa, hombre?"* naulinigan ni Alejandra na tanong ng lalaking nagngangalang 'Ricardo' sa sundalong mahigpit na humawak sa kanyang braso.

"Kanina ko pa po ito napapansin, Señor. Pinakikinggan niya ang pag-uusap ninyo ng inyong kasama. Posible pong isa itong espiya na ipinadala dito ng mga kasama niyang Katipunero. Kailangan niyang madala sa kampo para maimbestigahan," anang sundalo sa wikang Español.

Napailing si Alejandra. Siguradong hindi na siya aabutin ng pagsikat ng araw bukas kapag naisama siya sa kampo ng mga ito. Hindi lingid sa kanyang kaalaman ang ginagawang pagpapahirap ng mga sundalo sa mga nahuhuling espiya. Ang iba ay pinupugutan ng ulo, binubugbog ang katawan hanggang sa mapugto na lang ang hininga at iba pang karumal-dumal na paraan ng pagpatay.

Naglakas-loob si Alejandra na magprotesta, pero pumiyok lang ang boses niya.

Galit na sinampal siya sa mukha ng sundalong humahawak sa kanya. *"¿Que quieres decir?"* na ang tinatanong kung ano ang ibig niyang sabihin.

Muling sinikap ni Alejandra na magsalita para magpaliwanag na hindi siya espiya ngunit wala pa

ring boses na lumabas mula sa kanyang bibig, kaya lalo lang nagalit sa kanya ang sundalong Kastila.

Akmang sasampalin uli siya nito nang pigilan ni Ricardo.

*"Antes de hablar, controla tu ira,"* anito. Alam niyang sinasabihan nito ang sundalo na kontrolin ang galit sa kanya. Binalingan siya nito. "Totoo ba ang sinasabi ng sundalo? Isa ka bang espiya?"

Mangiyak-ngiyak na umiling ang dalaga. Kung kanina, nakadama siya ng paghanga sa Ricardo na ito, ngayon, nangangatog naman ang mga tuhod niya sa takot.

"Hindi ito aamin hangga't hindi nadadala sa kampo," anang sundalo sa wika ng mga ito.

"Ako na ang magdadala sa kanya sa kampo," sagot ni Ricardo. May ipinakita itong nakatuping papel mula sa bulsa ng pantalon nito.

Nagpatangu-tango ang sundalo nang mabasa ang nilalaman ng papel at sumenyas sa iba pang mga kasama at sumaludo silang lahat kay Ricardo.

*"Si, Señor,"* sang-ayon ng sundalong may hawak kanina kay Alejandra. Hindi nagtagal, nilisan na ng mga ito ang restaurant.

"Arnulfo, samahan mo ang binatilyong ito sa ating kabayo. Babayaran ko lang ang ating kinain at aalis na tayo dito."

"Opo, Señor Ricardo." Hinawakan ng alalay ang braso ni Alejandra at iginiya siya palabas ng pinto.

HABANG hinihintay nila ang paglabas ni Ricardo mula sa kainan, nakasilip si Alejandra ng pagkakataon para matakasan ang nagbabantay sa kanya na si Arnulfo. Buong-lakas niyang hinatak ang kamay niyang hawak nito at dahil sa pagkabigla ng lalaki sa ginawa niya ay kaagad siya nitong nabitawan.

Nagsisigaw ito habang tumatakbo siya papalayo. "Hoy! Hoy! Magbalik ka dito!"

Eksaktong palabas na rin si Ricardo ng restaurant. Walang inaksayang panahon ang binata, kaagad nitong hinabol si Alejandra nang makita siyang tumatakbo.

Parang may mga pakpak ang mga paa na nagpasikut-sikot si Alejandra upang iwasan ang dalawang tumutugis sa kanya. Wala siyang alam na pupuntahan basta nagsusuot lang siya kung saan-saan.

Hanggang sa maramdaman na lang niya ang pagsunggab sa kanya mula sa likuran.

“Bitiwan mo ako!” Ngunit parang tinalian ng mga bakal ang kanyang mga braso. Walang tigil ang pagpupumiglas ni Alejandra kahit alam niyang hindi niya kakayanin ang lakas nito. Akmang kakagatin niya ito nang sadyang itinumba siya ng lalaki sa lupa at sa isang kisap-mata, nasa ibabaw na niya ito at hawak pa ang magkabila niyang mga kamay. Wala na talaga siyang kawala rito. Madadala na siya sa kampo!

“*Por Dios y por santo!* Isa ka palang babae!” bulalas ni Ricardo nang mapagmasdan ang kanyang hitsura.

Wala na ang malapad na sombrero sa kanyang ulo at ang ilang butones ng kamisetang hiniram niya kay Doming ay natanggal na dahil sa kanyang panlalaban, kaya bahagyang lumabas ang pagitan ng kanyang mapupuuting dibdib. Hindi rin nakatakas sa pansin ng lalaki ang halos hanggang baywang niyang buhok na nakawala na sa puyod at ngayon ay nakalugay na. Nagitla si Ricardo. Hindi lang basta babae ang nasa harapan nito kundi isang napakagandang babae!

Akmang tatanungin niya kung sino ito, nang

biglang magdilim ang paningin niya. Isang matigas na bagay ang tumama kanyang ulo na naging sanhi ng pagkawala ng kanyang malay…

“DOMING, sigurado ka bang hindi mo napuruhan si Ricar—este, ’yung lalaki na pinukpok mo ng kahoy kanina?” nag-aalalang tanong ni Alejandra sa kaibigan. Sakay na sila muli ng kabayo at pabalik na sa kumbento.

Nag-aalangan pa si Alejandra na tuluyang iwan si Ricardo kanina. Baka kasi may masamang nangyari rito. Ngunit kailangan niyang makaalis dahil papalapit na sa kanila ng kaibigan ang kasama ng Español na si Arnulfo. Dali-dali siyang pinasakay ni Doming sa kanilang kabayo.

“Ay naku, Alejandra. Bakit mo pa ba iisipin ang Español na ’yun? Ang mahalaga, nailigtas kita. Hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung may masamang nangyari sa ’yo. Takot na takot ako kanina nang makita kong hinahabol ka ng dalawang lalaking iyon. Mabuti na lang, naabutan ko kayo. Kung may masama mang nangyari sa kanya, mabuti nga sa kanya!”

“H-huwag kang magsalita nang ganyan,” saway

niya sa kaibigan. “Kung may masamang mangyari doon sa tao, lalabas kang kriminal. Gusto mo iyon?”

“Bakit? Ipinagtatanggol lang naman kita, ah. Bakit ba parang naaawa ka pa doon sa taong ’yun na humahabol sa ’yo?”

“H-hindi naman, kaya lang—” Hindi na itinuloy ni Alejandra ang sasabihin. “Kalimutan na nga natin ’yun. Tama ka, ang mahalaga, nailigtas mo ako. Kung nagkataon, nadala na ako sa kampo.”

“Pareho ’ika mo tayong nadala sa kampo kung naabutan tayo. Mabuti na lang mabilis tumakbo itong si Diwata. Nagsisisi na lang tuloy ako ngayon kung bakit inisip ko pang magpunta-punta dito sa kabisera; pati ikaw muntik na tuloy mapahamak. Tama ka, hihintayin ko na lang ang pagbabalik ni Itay. Magdarasal na lang uli ako at hindi na mangangahas na sumagap ng balita sa kabisera. Hindi naman pala gan’on kadali ang lahat,” anito.

“Huwag mo nang sisihin ang sarili mo, nangyari na ang nangyari. Pero natutuwa ako at susundin mo na ang sinabi ko sa ’yo kahapon. Huwag kang mag-alala masyado, malakas ang kutob ko na ligtas ang itay mo at babalik siya sa inyo.”

“Sana nga, Alejandra. Sana nga…” punung-

puno ng pag-asang sagot ni Doming. Lalo pa nitong pinabilis ang pagpapatakbo ng kanilang kabayo pabalik sa kumbento….

# 4

"Señor Ricardo, narito na po ang mainit na sabaw, makakabuti po ito sa pakiramdam n'yo," ani Arnulfo nang pumasok ito sa silid ng amo sa tinutuluyan nilang pinauupahang dormitorio.

Dalawang araw na sila roon dahil pinayuhan si Ricardo ng medico na ipagpaliban muna ang paglalakbay upang magkaroon ng sapat na pahinga matapos magtamo ng sugat sa ulo, sanhi ng pagkakapukpok sa kanya ng kasama ng hinahabol nilang espiya.

Nang marinig ang boses ng alalay, nagpumilit bumangon si Ricardo. Kinapa niya ang benda sa ulo upang tingnan kung maayos pa ang pagkakalagay niyon. "Kailan daw tatanggalin ang bendang ito?" usisa niya kay Arnulfo.

"Sabi po ng medico, titingnan daw po niya ang sugat ninyo mamaya. Malamang tanggalin na rin 'yan, Señor, medyo natutuyo na rin ang sugat n'yo. Kumusta na po ngayon ang pakiramdam ninyo?"

"Medyo mabuti na rin. Siyanga pala, Arnulfo, wala ka bang balita sa akin ngayon?"

Alam na ni Arnulfo kung ano ang tinutukoy niya. “Kaninang umaga po, dumaan dito ang mga sundalo. Hindi pa daw nila nakikita ang dalawang binatilyong ’yun, pero patuloy pa rin ang kanilang paghahanap.”

Kumunot ang noo ni Ricardo. “Di ba sinabi ko nang babae ’yung hinahabol natin kahapon? Hindi siya binatilyo. Paano siya mahahanap ng mga guardia civil kung lalaki ang pagkaakala nila roon?”

“Ah… eh… sinabi ko na po ’yun, Señor Ricardo. Pero ang higit nilang pinaghahanap ay ’yung binatilyo para madaling makita ’yung babae,” paliwanag nito.

“Sinabi mo rin ba kung ano ang gagawin, sakaling makita nila ’yung babae?” tanong niya habang sinisimulang higupin ang dala nitong sabaw.

“Opo. Sinabi ko po na ipinag-uutos n’yo na huwag siyang sasaktan o dadalhin sa kampo. Sa halip, dalhin siya dito sa inyo at kayo na ang bahalang magpataw ng parusa sa kanya.”

“Ano ang sinabi nila?” tanong niya muli.

“Kaagad naman po silang sumang-ayon. Puspusan ang ginagawa nilang paghahanap, gaya ng utos ninyo.”

"Mabuti kung gan'on. Wala akong balak na umalis dito hangga't hindi natin nakikita ang babaeng 'yun," mariing aniya.

Medyo nalito si Arnulfo. "P-pero, paano po ang ating mahalagang sadya?"

Saglit siyang natahimik. Pagkuwan ay tumingin siya sa labas ng bintana. "Kailangan ko pa ring makita ang babaeng 'yun. Bahala na, basta habang narito ako at nakaratay sa higaan, hihintayin ko ang resulta ng paghahanap ng mga guardia civil. Pupunta rin tayo sa kumbento makalipas ang ilang araw."

"H-hindi ho kaya gahulin na tayo sa oras, Señor Ricardo?"

"Ah, basta. Mahalaga sa akin na makita siya." Muling dumiin ang tono ng boses niya.

"Kayo po ang masusunod, Señor," anito. "Sige po, maiwan ko muna kayo." Nang tumango si Ricardo, tuluyan na ngang nilisan ni Arnulfo ang cuarto ng amo.

SAMANTALA sa kumbento na kinaroroonan ni Alejandra, nagdarasal siya kasama ang mga

madre. Sa loob ng isang araw, tatlong beses silang nagdarasal sa kapilya ng kumbento.

At ngayon lang nangyari kay Alejandra na hindi siya makapagdasal nang taimtim. Naglalakbay ang diwa niya sa kabila ng naririnig na oracion na binibigkas ng mga madre. At ang laman ng isip niya ay walang iba kundi si—Ricardo!

Kumusta na kaya anag kalagayan nito ngayon? Ligtas na kaya ito? Puno ng pag-aalala ang kanyang dibdib para sa estrangherong lalaki, at hindi niya maintindihan ang sarili kung bakit niya nararamdaman ang ganito.

Isa itong Kastilang sundalo na kinamumuhian ng kaibigan niyang si Doming, kaya naman galit din siya dapat dito. Kung hindi pa nga sila nakatakas noon ng kaibigan, dadalhin na sana siya nito sa kampo. Pero bakit ganito ang ganito ang kanyang nararamdaman? Gusto niyang mamuhi rito, pero sa kaibuturan ng kanyang puso, naroon ang matinding pag-aalala para sa lalaki. Di yata, nababaliw na siya.

Naputol ang pagmumuni-muni ng dalaga nang kalabitin siya ni Madre Remedios. “Alejandra, kanina pa tapos ang ating pagdarasal, bakit nakaluhod ka pa?”

Nanlaki ang mga mata niya sa pagkabigla. “Ho? Ah… eh… p-pasensya na po. May iniisip lang po ako.” Nakita nga niyang nag-alisan na ang ibang madre at sila na lang ni Madre Remedios ang naiwan doon.

“Parito ka nga, hija. Maupo ka dito sa tabi ko,” anito.

Tumalima ang dalaga. “Ilang araw na kitang napupuna na parang may malalim kang iniisip. Simula iyon noong magbalik ka dito mula sa kabisera kasama ng kaibigan mo. May problema ka ba, hija? May masama bang nangyari doon na hindi mo sinasabi sa akin?”

“W-wala po. H-hindi ko lang po makalimutan ang pagpunta namin doon,” nakayuko ang ulong paliwanag niya sa madre.

“Ano ang ibig mong sabihin?”

“K-kuwan, nakakatakot pala ang mga sundalong Kastila. Kaya nga po ang kaibigan kong si Doming ay nangako na sa akin na hindi na po siya babalik doon para makibalita dahil hindi malayong siya lang ay mapahamak.” Hindi pa rin siya makatingin dito nang derecho dahil hindi siya sanay magsinungaling.

“Mabuti naman kung gan’on. Kung may

nangyari sa inyo, hindi ako patatahimikin ng aking konsyensya dahil pinayagan kitang sumama roon at ako lang ang nakakaalam niyan dito sa kumbento. Kung napahamak pa kayo, mas lalo lang lalaki ang nagawa kong kasalanan."

"Madre Remedios, ginawa n'yo lang naman po iyon dahil nauunawaan ninyo ako. Kung hindi n'yo po ako pinayagan noon, mag-isa lang na lalakad si Doming at siguradong mapapahamak siya. Wala siyang kamuwang-muwang, akala niya gan'on lang kadali ang sumagap ng balita. Nalulungkot po ako dahil naging dahilan ako ng pagsisinungaling n'yo, humihingi na lang po ako ng paumanhin sa inyo at tawad sa Diyos," mapagkumbabang sabi niya sa madre.

Ngumiti si Madre Remedios. "Walang anuman 'yun, hija. Minsan, kailangan nating gumawa ng mali para gawin ang tama. Magpasalamat tayo sa Diyos na ligtas kayong nakabalik at nailayo sa kapahamakan."

Hindi na nakaimik ang dalaga. Wala siyang lakas ng loob na sabihin dito ang tungkol sa totoong naganap nang mapagkamalan siyang isang espiya. Hindi na rin niya binanggit ang tungkol kay Ricardo. Gusto na lang niyang ibaon sa limot ang lahat.

Mag-aalala lang si Madre Remedios kapag nalaman iyon. Tutal, hindi na rin naman sila magkikita na ng lalaking iyon at hindi na sila babalik ni Doming sa kabisera.

NAKALIPAS ang tatlong araw pabalik na si Alejandra sa kumbento galing sa bahay ng kanyang kaibigang si Doming. Kinamusta niya ito kung nakabalik na ang itay nito. At natuwa siya nang malamang nandoon na si Mang Andres.

Hindi siya nagtagal kina Doming dahil inuutusan pa siya na manguha ng mga ligaw na bulaklak na ipanlalagay sa kanilang mga altar.

Tinungo nga nila ni Diwata ang isang patag na lupang napapalibutan ng ligaw na bulaklak. Doon madalas kumuha ng mga bulaklak si Alejandra. May kalayuan iyon sa lugar nila Doming at sa kumbento, hindi siya nababahala dahil may sinasakyan siyang kabayo.

Makalipas ang ilang sandali, napuno na rin ng mga naggagandahang bulaklak ang basket ni Alejandra. Itinali niya ito sa likod ng kabayo at pagkatapos, sumampa na rin siya para tumulak na siya pabalik ng kumbento.

NATIGILAN si Ricardo nang maulinigan niya ang tunog ng mga yabag ng kabayo. Itinigil niya ang hayop na sinasakyan at pinakinggang mabuti ang pinagmulan ng bahagyang ingay. Imposibleng sumunod sa kanya si Arnulfo dahil mahigpit na ipinagbilinan niya ito na hintayin lang siya sa pinag-iwanan niya rito kanina. Lumakad siyang mag-isa upang imbestigahan ang paligid. Mukha kasing naliligaw sila. Hindi yata tama ang daan na tinatahak nila papunta sa kumbento.

Papalapit na nang papalapit sa kanya ang mga yabag ng kabayo. Kinapa niya ang sukbit niyang armas sa tagiliran bilang paghahanda sakaling isang kaaway ang paparating. Nagkubli siya sa isang malaking puno upang lihim na matyagan ang paparating.

Laking gulat niya sa tumambad sa kanya makalipas ang ilang sandali: babae ang sakay ng kabayo, mahaba ang buhok nito na nakatirintas at halos umabot sa baywang nito. May isang basket sa likuran nito na punung-puno ng sari-saring bulaklak.

Nag-umpisa nang mainip ang kabayo niyang sinasakyan.

"Shh… Huwag kang maingay, Saturno. May ibang taong paparating," pabulong niyang sinaway

ang alaga.

Para naman itong may isip na sumunod at nakiramdam din tulad ni Ricardo.

Napahigpit ang pagkakahawak niya sa renda ng kanyang kabayo nang matitigan nang malapitan ang mukha ng babaeng paparating. Hindi siya makapaniwala sa nakita. Kinusot-kusot pa ni Ricardo ang mga mata baka sa isiping namamalikmata lamang siya, ngunit hindi nagbago ang imahe sa harap niya.

"Siya nga!" tahimik na bulalas niya.

Iyon ang babaeng ilang araw na niyang pinahahanap ngunit hindi matagpuan. Kaya nga, ipinasya na niyang tunguhin ngayong araw ang kumbento, ang tunay niyang sadya na ilang araw ring naantala. Ito rin ang babaeng ilang gabi nang gumugulo sa kanyang isip, hindi siya makatulog nang maayos dahil ang mukha nito palagi ang naglalaro sa kanyang balintataw. Hindi niya makalimutan ang kagandahan nito na minsan lang niyang nasilayan at naging banta pa sa kanyang buhay. Kakaiba ang epekto nito sa kanya na ngayon lamang niya naramdaman.

Ngayon, sa hindi inaasahang pagkakataon ay

kanya itong natagpuan kaya wala nang sinayang pa na oras si Ricardo. Pinatakbo niya ang kabayo upang habulin ang babaeng papalayo na sa kanya.

“Hintay!” tawag niya.

GULAT na nilingon ni Alejandra ang pinagmulan ng boses na narinig niya. Nanlaki ang mga mata niya nang makita si Ricardo na sakay ng isang itim na kabayo!

Magkahalong tuwa at takot ang naramdaman ng dalaga. Natutuwa siya nang makita ang lalaki dahil ligtas naman pala ito kahit pa napukpok sa ulo ng kahoy ni Doming. Ngunit nangibabaw ang kanyang takot, dahil sa paghabol ng lalaking ito sa kanya. Iisa lang ang ibig sabihin niyon: nakilala siya ng lalaki!

Huhulihin siya nito at dadalhin sa kampo.

Kumakabog ang dibdib na pinabilis niya ang pagpapatakbo ng kabayo. Hindi siya nito dapat maabutan!

“Hintay! Huwag kang matakot!” sigaw muli ni Ricardo.

Nagpatuloy lang sa pagpapatakbo ng kabayo si

Alejandra. “Bilis, Diwata! Bilis!”

At dahil kabisado na niya ang lugar at bihasa na rin siyang magpatakbo ng kabayo, hindi nga nagtagal, nakalayo na siya kay Ricardo. Isang lihim na lagusan ang kanyang tinahak kaya naglaho na lang siya na parang bula sa paningin ng lalaki.

Makalipas ang ilang sandali, nanginginig pa ang kanyang katawan nang bumaba siya mula sa kabayo. Narating na rin niya sa wakas ang kumbento. Kahit paano, nakadama siya ng seguridad nang pumasok siya sa loob, bitbit ang isang basket ng bulaklak.

Taimtim na umusal si Alejandra ng panalangin nang madaanan ang isang altar. Sana hindi siya matunton doon ng lalaki…

# 5

Kinabukasan, nagulat si Alejandra nang lapitan siya ni Madre Remedios habang nagpupunas siya ng mga santo sa altar.

"Iwanan mo muna 'yang ginagawa mo, Alejandra. Gusto kang kausapin ni Madre Faustina." Seryoso ang mukha ng madre.

Nagtaka ang dalaga. Ano kaya ang mahalagang pakay sa kanya ng madre superiora? "B-bakit daw po?"

"Huwag mo na akong tanungin, hija. Halika, sasamahan kita sa kanyang opisina para malaman mo ang dahilan."

Nang marating na nila ang silid-tanggapan nito, iniwan na siya ni Madre Remedios para personal na siyang kausapin ng madre superiora.

"M-magandang umaga po, Madre Faustina. I-ipinatatatawag n'yo daw po ako," magalang niyang bati rito.

*"Buenos dias, Alejandra*. Halika, hija, umupo ka dito sa silya," anang madre. Pansamantala muna

nitong itinigil ang ginagawang pagsusulat at itinuro kay Alejandra ang isang silya sa harap ng mesa.

“M-marami pong salamat.”

“Hija, kaya kita ipinatawag dahil may mahalaga akong sasabihin sa ’yo.”

“A-ano po ’yun?” kinakabahang aniya.

“Alejandra, kailangan mo munang umalis dito sa kumbento.”

“Po!” hindi makapaniwalang bulalas niya. “P-pero bakit po? May nagawa po ba akong kasalanan kaya pinapaalis n’yo na po ako?”

Umiling ang madre at malungkot na tumitig sa kanya. “Wala kang nagawang kasalanan, hija. Napakabait mong bata, masunurin ka at sinsero sa iyong ginagawang paglilingkod dito sa kumbento. P-pero labag man sa aming kalooban ay kailangan mo munang umalis dito, dahil para din ito sa iyong kapakanan.”

“A-ano po ang ibig n’yong sabihin?” naguguluhang tanong niya.

“Alejandra, nanganganib ang buhay mo.”

Para siyang itinulos sa kinauupuan. Paano

nalaman ng mga madre ang tungkol kay Ricardo? Paano nila nalaman na napagkamalan siyang espiya ng mga sundalong Español?

Biglang binalot ang kanyang dibdib ng matinding takot. Nauunawaan na niya ngayon kung bakit gusto siyang paalisin ng mga madre. Madadamay ang mga ito sa galit ng mga Kastila sa kanya! Hindi niya iyon mapahihintulutan. Mas gugustuhin niya na ibuwis ang buhay kaysa paghinalaan pa ang mga madre sa kumbento na may simpatya sa mga Katipunero. Hinding-hindi niya mapapatawad ang sarili kung mangyari ang kinatatakutan ni Madre Remedios—ang itakwil ang mga ito ng Simbahang Katoliko o pugutan ng ulo bilang kaparusahan sa pagtataksil sa gobyerno.

"N-nauunawaan ko po, Madre Faustina." Pilit niyang pinipigil ang pagdaloy ng luha.

Binalot ng matinding awa ang puso ng madre sa nakikitang paghihirap ng kalooban ng dalaga. Masakit man para rito, kailangan nitong gawin ang ganito para rin sa kapakanan ni Alejandra. "H-hija, narito na ang susundo sa 'yo para dalhin ka sa isang ligtas na lugar."

Ligtas na lugar? "S-sino po?"

“Si Señor Ricardo. Pamangkin siya ng malapit nating kaibigan dito sa kumbento na si Padre Romano. Siya ang magbibigay-proteksyon sa ’yo para mailigtas ka sa kapahamakan.”

“Si Señor R-Ricardo po?” nabiglang ulit niya.

Tumango ang babae.

Kung ganoon, ito pala ang nagsumbong kina Madre Faustina tungkol sa nangyari sa kabisera. Natuntuon din pala siya rito sa kumbento ng lalaki! At nagsisinungaling lang ito na dadalhin siya sa isang ligtas na lugar upang mapanatag ang kalooban ng mga madre, pero ang totoo, dadalhin siya nito sa kampo at pahihirapan, tulad ng ginagawa ng mga sundalo sa mga nahuhuling espiya!

Ngunit, ano pa ba ang magagawa niya? Hindi naman siya puwedeng manatili pa roon sa kumbento dahil siguradong ikapapahamak din iyon ng mga madre.

“N-nauunawaan ko po.” Ito na lang ang tanging naisagot niya. “K-kailan po kami aalis dito?”

Nagtaka naman si Madre Faustina kung bakit naging napakadali lang ang pagpayag ni Alejandra na pansamantala munang umalis doon. Ni hindi na nga siya humingi ng paliwanag, kusa na lang tinanggap

ang sinabi nito. Akala ng matanda, magmamakaawa si Alejandra para hindi paalisin.

Marahil kalooban ito ng Diyos, puno kasi ng agam-agam ang madre kung paano sasabihin sa dalaga ang totoo nang hindi nito kamumuhian ang sarili.

“S-sigurado ka ba, h-hija, na bukal sa kalooban itong gagawin mo?” naniniguro pang tanong ng madre.

Tumango ang dalaga, pero sa kaibuturan ng kanyang puso, naroon ang mapait na pagtangis sa kapalarang sinapit. “O-opo. Tinatanggap ko po ang lahat ng ito nang buong puso. H-handa na rin po akong sumama kay Señor Ricardo.”

Nakahinga nang maluwag ang madre. “M-mabuti kung gan’on, hija. Naghihintay na sa ’yo ang señor. Ihanda mo na ang mga gamit mo, aalis na rin kayo ngayon.”

Tumango lang si Alejandra, saka tumayo. Hindi na niya makuha pang magsalita; pipiyok lang ang boses niya dahil sa pinipigilang pagtulo ng kanyang luha.

Bago niya tuluyang lisanin ang opisina ng madre, niyakap siya nito at may luha na namuo

sa gilid ng mga mata na nagpaalam ito sa kanya. "M-malulungkot kaming lahat dito sa pag-alis mo. Baunin mo ang aming dasal na sana ay ilayo ka sa lahat ng kapahamakan. Mahal na mahal ka namin, Alejandra."

"M-mahal ko din po kayong lahat dito, Madre Faustina." Yumakap siya rito, kasabay ng pagpatak ng kanyang luha…

SAMANTALA, tensyonado na si Ricardo. Kanina pa siya pabalik-balik na naglalakad sa loob ng silid kung saan sinabihan sila na hintayin si Alejandra.

Kanina, pagdating nila rito sa kumbento, wala namang naging problema si Ricardo sa pagkumbinsi sa madre superiora na kukunin niya roon ang dalagang nagngangalang Alejandra. Tulad ng sinabi ng kanyang tiyuhin, ibinigay lang niya ang ginawa nitong sulat at naging maayos na nga ang lahat.

Ang hindi ikinapalagay ng loob niya ngayon ay ang babaeng bigla na lang naglaho kahapon. Gusto niyang makaalis kaagad sa kumbento upang ipagpatuloy ang paghahanap niya rito. Siya na mismo ang maghahanap sa babae. Nakadarama na rin siya ng iritasyon sa Alejandra na ito, dahil ito ang

nagiging sagabal sa paghahanap niya sa babaeng gumugulo ngayon sa isip niya. Puno ng pangamba ang kalooban ni Ricardo dahil walang kasagutan ang mga katanungang namumuo sa kanyang isipan. Sino kaya ang babaeng iyon? Totoo nga kayang isa itong espiya ng mga Katipunero? Ano ba nito ang lalaking tumulong sa kanya? Nasaan na ito ngayon? Muli pa ba silang magkikita?

"S-Señor Ricardo, mangangalay po ang mga paa n'yo kung hindi ninyo ititigil ang pabalik-balik na paglalakad," puna ng hindi nakatiis na si Arnulfo.

Bigla siyang tumigil sa paglalakad at nagpakawala ng malalim na hininga. "Naiinip na ako. Ang tagal naman ng Alejandra na 'yun." Tumingin siya sa alalay. "Ikaw na lang kaya ang maghintay sa kanya? Magkita na lang tayo sa kabisera mamaya doon sa dating inuukupahan nating dormitorio. Ipaokupa mo ang isang kuwarto kay Alejandra."

"P-pero, narito na po kayo, Señor Ricardo—"

"Wala nang pero-pero. Tama, iiwan na lang kita dito. Ikaw na ang bahalang maghintay sa kanya, basta sundin mo lang ang ibinilin ko sa 'yo. May mahalaga pa akong aasikasuhin, hindi ko na ito maaaring ipagpaliban dahil gagahulin din tayo sa oras." *Kailangan kong makita ang babaeng 'yun bago*

*ako bumalik sa hacienda*, tahimik na dugtong pa niya sa sarili.

"K-kayo po ang bahala," walang nagawang sang-ayon na lang si Arnulfo.

"Sige, iiwan na kita dito. Magpapaalam na ako sa madre." Wala na itong sinayang na oras kaagad na rin itong lumabas ng pintuan.

NAGTAKA si Alejandra nang makita na isa lang pala ang kanyang magiging bantay. Nakilala niya ang lalaki, ito ang kasama ni Ricardo noon sa restaurant. Pero siya, halatang hindi namukhaan nito. Kunsabagay, nakabihis-panlalaki siya noong makita nito nang malapitan. Si Ricardo ang nakadiskubre sa kanyang pagbabalat-kayo.

Makalipas ang madamdaming pamamaalam niya sa mga madre, lalo na kay Madre Remedios, matiwasay siyang sumama kay Arnulfo, na ipinakilala sa kanya bilang alalay umano ni Señor Ricardo.

"May mahalagang aasikasuhin pa ang señor ko kaya hindi na kayo nahintay, Señorita Alejandra. Hintayin na lang natin siya sa kabisera. Iyon ang ibinilin niya," anito bago siya inalalayan pasakay sa isang kulay-tsokolateng kabayo.

*Señorita?* Bakit iyon ang tawag ni Arnulfo sa kanya? At bakit binigyan pa siya ng sariling kabayo? Nakakapagtaka, hindi ganitong pagtrato sa kanya ang inaasahan niya mula sa mga ito. Pero iniisip na lang niya na kaya ito ginagawa ng lalaki ay dahil sa mga madre. Pakitang-tao lamang iyon pero sa kampo na siya pahihirapan ng mga ito, kung saan hindi na siya makikita ng mga madre…

Nang pareho na silang nakasakay ni Arnulfo sa kani-kanilang mga kabayo, pareho silang kumaway sa mga madre bilang pamamaalam.

Hilam ang mga luha na napakagat sa kanyang labi si Alejandra. Lilisanin na niya ang kumbento kung saan siya inaruga at pinalaki. Marami siyang masasayang alaala roon na hindi niya makakalimutan kailanman. Ngayon, haharapin niya ang isang madilim na bukas. Nakikini-kinita na niya ang pagdapo ng mga hagupit ng latigo sa kanyang katawan. Bahala na lang ang Diyos sa kanyang kapalaran…

BANDANG HAPON, wala pa rin ni anino ng babaeng hinahanap ni Ricardo. Kanina pa siya paikut-ikot sa lugar na iyon kung saan niya ito muling nakita, ngunit hindi pa rin niya ito matagpuan.

Noong makita kasi niya ito kahapon, malakas ang kutob niya na malapit lang ang tirahan nito sa kumbento. Pero ngayon, nawawalan na siya ng pag-asa na muli itong makikita.

Mayamaya, nakarinig siya ng kaluskos. Biglang kumabog ang kanyang dibdib. Iniisip na baka iyon na ang babaeng kanyang hinahanap, dali-dali siyang nagkubli. Kung ito na nga ang kanyang hinahanap, sisiguraduhin niya ngayon na hindi na ito makakakawala pa sa kanya.

Hindi babae ang tumambad sa kanya makalipas ang ilang sandali, kundi isang lalaking binatilyo na may dalang sibat. Hindi matawaran ang nadama niyang kabiguan. Walang saysay rin pala ang kanyang paghahanap. Mabuti pang bumalik na lang siya sa kabisera at baka nag-aalala na si Arnulfo sa kanya.

Nang lumabas na sa kanyang pinagtataguan si Ricardo. Napatigil sa paglalakad ang binatilyo at napatingin sa direksyon niya nang marinig ang mga yabag ng kanyang kabayo.

Napanganga ang binatilyo nang makita siya at para itong takot na takot na kumaripas ng takbo. Hindi na sana ito papansinin ni Ricardo, nang biglang maalala niya ang sinabi ni Arnulfo na may binatilyo

raw na kasama ang babaeng kanyang ipinahahanap at iyon umano ang pumukpok ng kahoy sa kanyang ulo.

Wala siyang inaksayang oras, hinabol niya ito. Halos paliparin niya ang kanyang kabayo.

“Maawa po kayo sa akin! Huwag n’yo po akong sasaktan!” nagmamakaawang sabi nito nang maabutan niya. Nilundagan niya ito mula sa kanyang kabayo at nagpagulong-gulong sila sa lupa bago niya ito napatihaya at nahawakan ang magkabilang kamay sa ibabaw ng ulo.

Kaagad itong inusisa ni Ricardo. “Ikaw ang pumukpok sa aking ulo?” Hindi ito sumagot, nanginginig ang katawan nito sa takot. “Sumagot ka!”

“O-opo, a-ako nga po ang pumukpok sa ulo n’yo. P-pero ginawa ko lang naman po ‘yun para ipagtanggol si Alejandra,” halos mangiyak-ngiyak na paliwanag nito sa kanya.

Parang nanigas ang buong katawan ni Ricardo nang marinig ang binanggit nitong pangalan. “A-Alejandra?”

“O-opo. Wala po siyang kasalanan—”

“Ano ang pangalan mo?” putol niya sa iba pang sasabihin nito.

“D-Doming po.”

“Doming, ipapangako mo ba sa akin na hindi ka kakaripas ng takbo pag pinakawalan kita ngayon? Huwag kang matakot, hindi kita sasaktan, may gusto lang akong malaman sa ’yo na mahalagang impormasyon,” seryosong sabi ni Ricardo.

“O-opo. Ipinapangako ko po.” Medyo naibsan nang kaunti ang takot na nararamdaman ni Doming kanina.

Pinakawalan nga ito ni Ricardo at pareho silang naupo sa damuhan.

“S-sino si Alejandra? Saan siya nakatira?” usisa niya.

May bumakas na pangamba sa mga mata ni Doming, halatang nag-aalangan itong magbigay ng anumang impormasyon sa kanya.

Itinaas ni Ricardo ang dalawa niyang mga kamay sa ere. “Hindi ako kalaban. Maniwala ka sa akin, Doming, hindi mo ako kalaban.”

Ngunit naroon pa rin ang suspetsa sa mukha ni Doming. “K-kasamahan po kayo ng mga sundalong

Kastila, Señor…”

“Hindi lahat ng iyong nakikita ay tama. Maniniwala ka ba sa akin kung sasabihin ko sa ’yo na wala akong masamang intensyon sa kasama mo? Gusto ko lang siyang tulungan noon nang magtangka siyang tumakas.”

“P-pero sabi po ni Alejandra, dadalhin n’yo raw siya sa kampo kaya siya tumakas.”

“’Yun ang sinabi niya. Pero hindi ibig sabihin, iyon ang totoo. Doming, kung totoo mo akong kaaway, hindi kita pakakawalan ngayon. Itatali kita ng lubid at kakaladkarin papunta sa kampo. Maniwala ka sa akin, hindi kita sasaktan.”

“K-kahit pinukpok kita noon sa ulo?”

Ngumiti si Ricardo. “Kahit pinukpok mo ako sa ulo. Alam ko naman na ginawa mo lang ang iniisip mong nararapat no’ng sandaling iyon.”

Wari ay nakumbinsi ang binatilyo. “Ano po ang gusto ninyong malaman, Señor?”

Matapos malaman ang totoo mula kay Doming, tila may pakpak na nagmamadaling tinungo ni Ricardo ang dormitoriong tinutuluyan nila ni Arnulfo.